



www.epilepsy.com

#1in26

“I am one of many”

Epilepsy is common. Anyone, regardless of who you are, where you live, or where you come from, can develop epilepsy. We know that 3 in every 200 Asian Americans currently live with epilepsy. However, there could be many more that are not diagnosed. That is because epilepsy is often misunderstood and Filipino Americans may be afraid to talk about it or seek help.

“Isa ako sa marami”

Ang epilepsy ay hindi bihira. Sino man, kahit saan nakatira o nagmula, ay maaaring magkaroon ng epilepsy. Alam natin na ang 3 sa bawat 200 na mga Asian American sa kasalukuyan ay nabubuhay na may epilepsy. Gayunpaman, maaaring marami pa rin ang hindi nabibigyan ng diagnosis. Ito ay dahil sa ang epilepsy ay madalas na hindi naiintindihan at ang mga Filipino American ay natatakot na makipag-usap tungkol dito o natatakot humingi ng tulong.

You are not alone

If you have epilepsy or know someone who does, you are not alone. To learn more about epilepsy and Filipino Americans, visit www.epilepsy.com. Or call 1-800-332-1000 to find the Epilepsy Foundation location nearest you.

Hindi ka nag-iisa

Kung ikaw ay may epilepsy o may kilala ka na meron nito, hindi ka nag-iisa. Kung gusto mong malaman and tungkol sa epilepsy at mga Filipino American, bumisita sa www.epilepsy.com. O tumawag sa 1-800-332-1000 para mahanap ang pinakamalapit na opisina ng Epilepsy Foundation sa inyong lugar.

FAST FACTS

- Epilepsy can affect anyone, including Filipino Americans.
- 1 in 26 people will develop epilepsy at some point during their life.
- Epilepsy is treatable.

MGA MAIKLING KATUNAYAN

- Kahit sino ay puwedeng maapektuhan ng epilepsy, kasama ang mga Filipino American.
- 1 sa 26 na tao ay magkakaroon ng epilepsy sa isang punto ng kanilang buhay.
- Ang epilepsy ay nagagamot.



Epilepsy & Filipino Americans

Ang Epilepsy at mga Filipino American



This publication was made possible with funding from the Centers for Disease Control and Prevention (CDC) under cooperative agreement number 1U58DP003832-04. Its contents are solely the responsibility of the authors and do not necessarily represent the official views of the CDC.



8301 Professional Place East, Suite 200, Landover, MD 20785-2353



p: 1-800-332-1000
www.epilepsy.com

What is epilepsy?

Epilepsy is a medical condition affecting the brain. It causes a person to have seizures, which are brief periods of abnormal electrical activity in the brain. There are many types of seizures. The type of seizure a person has depends on where the seizure happens in the brain and how much of the brain is involved. Seizures are generally quite short, lasting only from a few seconds to a few minutes and they usually stop on their own. Seizures can be brief periods of staring or confusion, loss of consciousness and shaking (convulsions) or uncontrolled shaking of an arm or leg. Doctors say a person has epilepsy when he has two or more seizures that are not triggered by a temporary condition, such as a fever. Even though a seizure can temporarily change a person's body movements, they are usually not dangerous to you or anyone else. In some cases, a person who has epilepsy, but is otherwise healthy, may die suddenly. This is why it is important to recognize and control seizures.

Ano ang Epilepsy?

Ang epilepsy ay isang kondisyong medikal na nakakaapekto sa utak. Ito ay sanhi ng abnormal na malakoryenteng kaganapan sa utak na tinatawag na 'seizure'. Maraming uri ng seizure. Ang uri ng seizure na maaaring madanasan ng isang tao ay depende kung saang bahagi ng utak nangyayari ang seizure at kung gaano kalaki ang bahagi ng utak ang apektado. Sa karaniwan, ang mga seizure ay maikli, tumatagal lamang ng ilang segundo hanggang ilang minuto at madalas ay kusang humihinto. Ang seizure ay maaaring maging maikling panahon ng pagkatunganga o pagkalito, pagkawalang malay at pangingisay (kombulsyon) o di mapigilang panginginig ng braso o binti. Sinasabi ng mga doktor na kapag ang isang tao ay nakadama ng higit sa dalawang seizure na hindi sanhi ang pansamantalang kondisyon tulad ng lagnat, maituturing itong epilepsy. Kahit na sandaling naibabago ng seizure ang pag-galaw ng katawan ng isang tao, sa karaniwan ay hindi ito mapanganib sa iyo o kaninoman. Sa ilang mga kaso, ang taong may epilepsy, na, maliban dun ay malusog, ay maaaring mamatay na biglaan. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na makilala at ma-kontrol ang mga seizure.



Why me?

In more than half of cases, doctors do not know why a person develops epilepsy. In the remaining cases the epilepsy can be caused by things like a head injury, stroke, tumor and certain illnesses. Family history can sometimes play a role. Epilepsy is *not* contagious. Even though epilepsy affects the brain, it is not a mental illness; most people with epilepsy are otherwise perfectly healthy.

Bakit ako?

Sa higit sa kalahati ng mga kaso, hindi alam ng mga doktor kung bakit ang isang tao ay nagkakaroon ng epilepsy. Sa natitirang mga kaso, maaaring sanhi ng epilepsy ang mga bagay tulad ng pinsala sa ulo, stroke, tumor at ibang mga sakit. Minsan ay maaaring may kinalaman ang kasaysayang pangkalusugan ng pamilya. Ang epilepsy ay hindi nakakahawa. Kahit na utak ang apektado ng epilepsy, hindi ito sakit sa pag-iisip; bukod sa kanilang pagkaroon ng epilepsy, ang karamihan ng may kondisyong ito ay malusog.

Epilepsy is treatable

Many anti-seizure medicines are available to treat epilepsy. For about 7 in 10 people with epilepsy these medicines stop most or all of the seizures. If medicines don't work well enough there are other treatments including special diets, surgery and implantable devices that can help control or stop seizures. With proper treatment people with epilepsy can live full, productive and healthy lives. People with epilepsy come from all walks of life: they are our parents, our friends, our teachers and our doctors. Talk to your doctor to learn more about treatment options.

Ang Epilepsy ay nagagamot

Maraming 'anti-seizure' na gamot na magagamit para sa epilepsy. Para sa 7-10 na taong may epilepsy, nahihinto ng mga gamot na ito ang karamihan o lahat ng mga seizure. Kung ang mga gamot na ito ay hindi sapat na nakakatulong, may iba pang paraan ng paggamot tulad ng mga espesyal na diyeta, pag-opera, at mga aparato na ipinapasok sa katawan na nakakatulong sa pag-kontrol o nakakapaghinto ng mga seizure. Sa pamamagitan ng tamang paggamot, ang mga taong may epilepsy ay maaaring mabuhay ng lubos, produktibo at malusog. Walang pinipiling tao ang epilepsy: sila ang ating mga magulang, ating mga kaibigan, mga guro at mga doktor. Kausapin ang iyong doktor upang malaman ang tungkol sa iba't ibang paraan ng paggamot.

